

**OPISYAL NA PAHAYAG**

Disyembre 10, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach,  
562.570.NEWS, [jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov)

Para sa Agarang Pahayag

## **Inanunsyo ng Lungsod ang Mga Serbisyo sa Pagpapayo para sa Kalusugan ng Pag-iisip at Pag-abuso sa Droga para sa Mga Itim na Residente**

Long Beach, CA - Ang Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao (Kagawaran ng Kalusugan) ay ginawaran ng mga kontrata sa mga lisensyadong clinician sa kalusugan ng pag-uugali upang magbigay ng mga serbisyong pagpapayo sa kalusugan ng pag-iisip at pag-abuso sa droga sa mga walang seguro o mababang seguro na mga residente na Itim sa panahon ng pandemya.

“Ang mga itim na residente sa Long Beach at sa buong bansa ay naging isa sa mga pinakamatinding naapektuhan na mga komunidad sa panahon ng krisis sa kalusugan at ekonomiya,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Natutuwa akong makita ang mga karagdagang serbisyong ito na ibibigay upang higit na masuportahan ang aming mga residente at mapabuti ang kalidad ng buhay para sa sa mga pinaka nangangailangan.”

Ang mga Itim na residente ay bumubuo ng 12% ng lahat ng mga residente ng Long Beach ngunit kumakatawan sa 14% ng mga pang-oospital at 15% ng lahat ng kaugnay na pagkamatay ng COVID-19. Ang mas mataas na antas ng stress ay nag-aambag sa hindi mabuting kinalalabasan sa mental at pisikal na kalusugan na lalong nagpapalala sa kalubhaan ng COVID-19 at dami ng namamatay.

Noong Oktubre, inisyu ng Lungsod ang kahilingan para sa mga panukala na magbibigay ng mga serbisyong pagpapayo na nagpapatibay sa kultura para sa kalusugan ng pag-iisip at pag-abuso sa droga sa mga walang seguro o mababang seguro na mga Itim na residente na nakakaranas ng negatibong katayuan sa kalusugan ng kaisipan, emosyonal at pag-uugali.

Ang mga sumusunod na ahensya ay ginawaran ng mga kontrata sa Pagpapayo sa Kalusugan sa Pag-iisip at Pag-aabuso sa Droga para sa Mga Iitim:

- [APLA Health & Wellness](#)
- [Center for Best Living Inc.](#)
- [Compassionate Counseling](#)
- [Ginger Lavender Wilkerson](#)
- [Los Angeles Centers for Alcohol and Drug Abuse \(L.A. CADA\)](#)

Ang mga clinician mula sa bawat ahensya ay magbibigay ng walang bayad na paggamot na psychotherapy para sa mga itim na residente na walang seguro at mababang seguro na walang sapat na pananalapi upang bayaran ang buong gastos sa paggamot. Dapat matugunan ng bawat clinician ang mga sumusunod na pamantayan:

- Offer treatment for persons experiencing anxiety, depression, bi-polar disorder, personality disorder, domestic violence, trauma, or substance abuse.
- Pag-aalok ng paggamot para sa mga taong nakakaranas ng pagkabalisa, pagkalungkot, bi-polar disorder, personality disorder, karahasan sa tahanan, trauma, o pang-aabuso sa droga.
- Magbigay ng mga serbisyong nagpapatibay ng kultura sa 10 o higit pang mga unduplicated na kliyente.
- Magbigay ng isang serye ng 60 minutong sesyon ng psychotherapy (kasama ang paunang pagsusuri) bawat kliyente.
- Siguraduhin ang pagkakaugnay sa seguro sa kalusugan para sa mga kliyente na walang seguro o mababang seguro sa pamamagitan ng isang “warm hand-off” sa isang direktang referral sa Health Access/Medi-Cal Outreach hotline 562.570.7970.

Ang mga tao ay maaaring makaalam ng higit pa tungkol sa mga programa sa pamamagitan ng pagtawag sa Linya ng Mapagkukunan ng Lungsod sa 562.570.INFO (4636), opsyon 5. Ang mga opereytor ng Linya ng Mapagkukunan ay handa na tumulong na alamin ang pagiging karapat-dapat kapag kinakailangan at magbigay ng mga referral ng programa sa mga organisasyon sa buong lungsod.

Ang mga programa na ito ay ginawang posible ng pagpopondo ng [Coronavirus Aid, Relief and Economic Security \(CARES\) Act](#). Ang Lungsod ay nakatanggap ng \$40 milyon sa pagpopondo sa CARES Act upang suportahan ang tulong at pagbawi at

katatagan ng komunidad, kung saan ang Konseho ng Lungsod ng Long Beach ay naglaan ng \$1,445,000 para sa mga nonprofit na mga organisasyon na nakabase sa komunidad at mga for-profit na organisasyon upang magbigay ng mga mapagkukunan at serbisyo sa mga komunidad na naapektuhan ng COVID-19 pandemya.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatiling ligtas ang aming mga residente, bumisita sa [longbeach.gov/COVID19](https://longbeach.gov/COVID19) at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###